**ICT**
**Aralin 19**

# PAGSISIMULA NG BAGONG DISCUSSION THREAD O [redacted]

## I. NILALAMAN

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang nakakapagsimula ng bagong discussion thread o nakakabuo ng sariling discussion group

Madalas nating gamitin ang Internet para sa komunikasyon. Mas lumalawak ang ating pag-iisip dahil sa komunikasyon. Kung gayon, mahalagang matutuhan natin ang iba't ibang paraan ng paggawa ng *discussion thread* o *discussion group* sa Internet upang doon makapagpalitan ng kaalaman, kuro-kuro at opinyon.

## II. LAYUNIN

1. Nakapagsisimula ng bagong discussion thread o nakabubuo ng sariling discussion group;
2. Napahahalagahan ang responsableng paggamit ng internet.

## III. PAKSANG ARALIN

**Paksa:** Pagsisimula ng Bagong Discussion Thread o Nakabubuo ng Sariling Discussion Group
**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-0g-19
**Kagamitan:** cell phone, computer, internet access, LCD projector, larawan

## IV. PANIMULANG PAGTATASA

- Pasagutan ang Kaya Mo Na Ba sa LM p ___.

## V. PAMAMARAAN:

A. PAGGANYAK

1. Gawain A: Pagpapakita ng mga websites group chat
   - Pagpapakita ng Facebook Group
   - Pagpapakita ng Yahoo Group o Yahoo Messenger
   - Pagpapakita ng Google Group
   - Pagpapakita ng We Chat
2. Ipasagot ang sumusunod na panggabay na tanong:
   - Anu-ano uri ng website ang ipinakita sa larawan.

- Sa anong paraan tayo makakalikha ng discussion group sa ganitong website.

B. PAGLALAHAD

1. Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng susing tanong:
    - Ano ang discussion group?
    - Ano-ano ang mga paraan ng paggawa ng discussion thread o discussion group gamit ang internet?

2. Talakayin ang mga sumusunod:
    - Paano gumawa ng discussion thread o discussion group gamit ang Facebook?
    - Paano gumawa ng discussion thread o discussion group gamit ang Google?

3. Pangkatin ang mga mag-aaral na binubuo ng anim na myembro para sa hands on sa computer.
4. Gabayan ang mag-aaral sa sa pagsasagawa ng mga sumusunod na gawain:

    - **Gawain B:** Paggawa ng Discussion Thread o Discussion Group sa Facebook
    - **Gawain C:** Paggawa ng Discussion Thread o Discussion Group sa Google Group
5. Ipagawa ang Gawin Natin sa LM. Gumamit ng rubric sa pagbibigay ng marka sa mga mag-aaral. Ipabasa nang tahimik sa mga mag-aaral ang Project Rubric. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang mahalagang aspeto nito upang magabayan sila sa paggawa. Maaari ding baguhin o gumawa ng ibang rubric kung sa tingin ninyo ay kinakailangan.

C. PAGLALAHAT

- Ibigay ang mga hakbang sa pagsisimula ng bagong discussion thread o discussion group gamit ang Facebook at Google.

D. PAGSASANIB

- Ano ang ibig sabihin ng responsableng paggamit ng internet?

**VI. PAGTATAYA:**

Pasagutan sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

**a.** Pasagutan ang Subukin mo sa LM
**b.** Pasagutan ang Kaya Mo Na Ba sa LM.

## VII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN

- Ipagawa ang Pagyamanin Natin na matatagpuan sa LM.

**KARAGDAGANG SANGGUNIAN:**

https://**school**.**quipper**.com
https://www.google.com.ph